Advisory No. 221, s. 2018
Nobyembre 6, 2018
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

IKA-43 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
NG PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PPSP), katuwang ang Departamento ng Sikolohiya ng Ateneo de Manila University ay magsasagawa ng Ika-43 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang Katinuan, Kalihisan, Kalusugan: Ang Mental Health sa Konteksto ng Kultura, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino mula ika-15 hanggang 17 ng Nobyembre 2018 na gaganapin sa Ateneo de Manila University, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon.

Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. matalakay ang mga usapin na may kinalaman sa kalusugang pangkaisipan (*mental health*) sa konteksto ng kultura, lipunan, at Sikolohiyang Pilipino;
2. magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan, at Sikolohiyang Pilipino; at
3. magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Ang maaaring lumahok ay mga kinatawan mula sa tanggapang sentral at panrehiyon, pansangay na tagapamanihala/tagamasid pampurok, mga guro at *guidance counselor* mula sa paaralang publiko at pribado, iskolar, manunulat, at iba pang interesadong indibidwal.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Prop. Michael David Tan Lopez
  Conference Convenor
  Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PPSP)

- G. Kenneth Carlo L. Rives
  PPSP Sekretaryat
  4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue
  Loyola Heights, Quezon City
  Telepono: (02) 434-7973
  Telefax: (02) 516-0326
  Mobile: 0922-875-1440, 0916-211-497
  Email: sekretaryat@ppsp.org.ph, pssponline@gmail.com
  Facebook: https://www.facebook.com/sulongpssp
  Website: www.ppsp.org.ph